

1

Baka nga totoong natural aphrodisiac ang chocolate, analysis ni Isaac habang pinakikiramdaman ang reaksiyon ng katawan dahil sa babaeng palapit sa kanya.

Nutella Eggnog ang iniinom niya, at alam niyang may phenylethylamine ang chocolates na pinagdedebatehang nakapagpapataas ng sexual desire. Nagti-trigger din ito sa utak para mag-release ng oxytocin, na nagbibigay ng magandang pakiramdam sa isang tao as if in love ito.

Iyon lang iyon. Being the man of science that he was, nakadepende siya parati sa mga napatunayang katotohanan, hindi sa instinct at lalong hindi sa kung ano ang interpretasyon ng incurable romantics sa biglang pagkabog ng dibdib o sa pag-iinit ng katawan.

Pumailanlang ang intro ng isang awit mula sa stage. Ipinaalala niyon na nakaapekto rin sa tao ang musika. At masyadong passionate ang melody at lyrics ng kanta. Idagdag pa ang boses ng mang-aawit.

Hindi siya magugulat kung malalaman niyang hindi lang bar and restaurant itong venue ng kanilang

company anniversary party, na sa itaas na palapag ay may mga pinaparentahan ding kuwarto para sa mga ‘nadala’ ng malanding ambiance ng lugar na ito.

Lahat iyon ay nag-compile na, kaya ganito ang reaksiyon ng katawan ni Isaac sa babaeng palapit.

“Hi.” Mas nakita niya kaysa narinig ang sinabing iyon ng estrangherang ngayon ay kaharap na niya.

Even with the dim lights, she was a wonder from afar. Para itong magnet na humila sa mga mata ng bawat tao sa lugar na iyon, especially men’s eyes. But right here in front of him, the stranger was literally taking his breath away with her exquisite beauty. At sa suot nitong empire waist dress at tila nang-aakit na ngiti, gusto na niyang isiping si Aphrodite mismo itong kaharap niya, or some mythological siren.

Greek mythology ang tema ng kanilang party. At kagaya ng nakalipas na mga taon, mag-co-costume lahat ng a-attend ng party depende sa tema. Dalawampung libong piso ang premyo para sa mapipiling star of the night kaya nika-career iyon ng maraming empleyado. Tuloy, nagkalat ang ‘mythological creatures’ sa palibot ng bar.

Pero ang babaeng palapit sa kanya ngayon, mukhang tunay na diyosa sa suot nitong one-

shouldered ivory gown. Ang tela ng suot nito ay malambot at bumabakat ang bawat kurba ng katawan nito. Kahit hanggang sakong ang damit, may slit iyon sa kanan na umabot hanggang sa tuhod nito, naghahantad sa isang maganda at makinis na binti. Her dainty feet enclosed in open-toe stilletos looked so soft and kissable. Ang buhok nito ay naka-braid paikot sa ulo nito, tila korona. Ang mukha...

Oh, good graces! Alam na niya ngayong hindi nga imposibleng maging dahilan ng giyera ang mukha ng isang babae.

Pinilit ni Isaac na ngumiti kahit awkward. Yumuko ang estranghera sa tainga niya para marinig niya ang anumang sasabihin nito. At muntik na siyang huminga nang malalim at singhutin ang lahat ng bango ng babae na sumalakay sa kanya.

“Who among the gods wear eyeglasses?” Sa kabila ng masyadong malakas ang musika at nakikipagpaligsahan pa roong kabog ng puso niya, narinig niya ang seksing boses ng babae. He felt his sex react to it but he had managed to ignore it.

Kinunotan niya ito ng noo. “Huh?”

“I’m sorry. I’m just curious. Mukha ka kasing naligaw na Clark Kent sa Olympus.”

Niyuko niya ang sarili. Costume party itong pinuntahan niya. Pero dahil ginabi na siya sa laboratory at wala nang oras para umuwi sa bahay ay hindi na siya nakapagpalit. Hinubad lang niya ang kanyang lab coat at dumerecho na rito sa venue. Hindi sa may balak siyang isuot iyong Minotaur costume na pinadala sa kanya ng kaibigan niya kung may oras siya. Ang totoo, ni ayaw niyang magpunta sa kasayahang ito. Mas gusto niyang itulog na lang ang gabing ito kaysa mag-inom at magpuyat sa a-lot-like-Halloween-party-in-April get-together na iyon.

Napangiti siya muli. Oo nga naman, kahawig ng uniporme ng binanggit nitong comic character ang suot niya, including his eyeglasses. Kulang na lang, inner shirt na may logo ni *Superman*. But then again, the geek in him kept on insisting that he was thinner, had dark brown hair as opposed to the superhero's black mane and two inches smaller to be him.

“No, I’m not. I’m actually just being myself. Uniform ko ito sa lab. The glasses... well, I had no choice but to wear these dahil nalaglag kanina ’yung contacts ko papunta rito.” Nagpasalamat siyang nagawa niyang magsalita nang may sense. Shucks, she was so pretty and too close his brain cells felt like being fried.

He sucked at socialization, sa totoo lang. At kung may Social Quotient as opposed to Intellectual Quotient o IQ, siguro negative ang grade niya roon. Yes, social idiot; that's him. Gayunpaman, nakakahiya kung susupladuhan niya ang babae.

"Ah, workaholic. Nice. 'Kala ko, Kuma-Clark Kent ka lang." Kahit hindi niya inaaya, naupo ito sa kanyang tabi. "So ano'ng papel mo sa *PaperWorld*?" Napangiti ito nang mapaisip. "Oh, shucks, *papel* sa *PaperWorld*. No pun intended."

"I'm a chemist," halos nahihiyang sagot niya. Mabuti na lang talaga, hindi nakasali ang stuttering sa mga nerd tendencies niya.

Namilog ang magagandang mata ng babae; parang gulat na gulat. "Chemist? Wow! Kaya pala nag-iisa ka dito habang nag-e-enjoy ang iba d'on sa dance floor."

Nahihiyang yumuko siya; ramdam ang pag-iinit ng mga pisngi. "I'm one boring dork, I know."

Narinig niyang tumawa ang kaharap. At hindi niya napigilang itaas muli ang mga mata sa mukha nito. Everything about her was oozing with sensuality. Ang mga mata nitong maganda ang hugis, ang mga labing parang kay tamis, ang mahabang leeg na

gusto na niyang singhutin, ang boses na para bang kagigising lang nito, ang katawang iyon na halos hindi naitago, ang bawat maliliit nitong kilos suggesting she would be graceful in bed...

And shit!

Silicate of magnesia, alkyl ketene dimer, ammonium bisulfite, recite ni Isaac mentally para ialis sa utak ang pervert ideas na sumisiksik doon. Hindi puwede. A man about to get married to the woman he was in love with was not supposed to lust after another woman. Hindi siya ganoong klase. Hindi siya kagaya ni—

“Wala sa hitsura mo,” anitong halos hindi niya naintindihan dahil abala pa siyang i-alleviate ang kanyang sudden perversion. “Di ka mukhang chemist.”

Pinagmasdan niya ang babae. Masyado itong maganda, iyong klase na popular mula noong elementary hanggang college; iyong pinag-aagawan ng mga jocks at nililigawang-tingin lang ng mga kagaya niya dahil alam nilang wala silang pag-asa.

At naisip ni Isaac, harmless naman sigurong makipag-usap dito kahit pa aminado siyang napakalaki nitong tukso. Hindi siya papatulan ng

kagaya nito; they were out of each other's league. Siguro ay nabo-bore lang ang babae sa party kaya siya nilapitan at kinakausap. Malamang din, sa laki ng *PaperWorld*, hindi na sila muling magkikita.

Nagsimula siyang mag-relax; hindi siya magtataksil at wala sa panganib ang engagement niya sa nobya.

"I don't look like a chemist?" ulit niya sa sinabi nito. "You've seen a lot of chemists, I supposed?"

Nagkibit ito ng hubad at makinis na balikat. "Not much. Iyon lang nasa *Big Bang Theory*," tukoy nito sa isang American TV series.

Nagulat pa siya nang makarinig ng strange na tunog. Nagulat pa siya nang ma-realize na tawa niya iyon... at ang tagal na rin pala mula noong tumawa siya nang ganoon ka-spontaneous. Dahil sa mga kaisipang iyon, hindi niya napansing natulala saglit ang kanyang kaharap dahil sa ngiti niya.

"They're physicists, not chemists," he corrected.

"Ay, oo nga." Natawa na rin ito.

Nakangiti pa rin siya sa babae kahit nang mamamatay ang tawanan nila. Mamaya, nagtama ang kanilang mga mata. There was a glint of joy

and something else in her eyes, and he concluded out of the blue that her smiling face was the most beautiful thing he had seen this day, in close second to the sunrise.

Oy, may fiancée ka na! pagalit ng kanyang budhi.

“I’ve never seen you before. S’an kang department?” usisa na ni Isaac. Ang alam niya, closed at exclusive sa kanilang kompanya ang bar na ito ngayong gabi.

“No, hindi ako taga-*PaperWorld*. I own this bar, actually. My name’s Hazel. Hazel Del Fierro.” Inalok nito ang kamay—pinkish white and dainty-looking, with slim and long fingers that he had this impulse to kiss—sa kanya.

Inalala niya ang pangalan ng lugar. *Circe*. Eksakto sa iniisip niyang description ng babae. She indeed looked like the mythological enchantress.

“Isaac Leutkenholter.” Iniabot niya ang isang kamay rito.

“Ano? Lootken-what? What are you? German or something?” nakatawang kunot-noo nito habang inaabot ang palad niya. At hindi niya alam kung talagang perverted na siya, he actually thought his big, moderately calloused hand enclosing her soft

smooth one was incredibly sensual.

“It’s American. Loot-ken-hole-ter,” natatawang bigkas niya. “Back in school days, my teachers and classmates call me ‘Loot’.” *‘Loot Payatoot’ to the bullies*, pero hindi na niya iyon idinagdag. “My father’s Greek-American. So that makes me fifty percent Pinoy, twenty-five percent American, and twenty-five percent Greek.”

“And one hundred percent *geek*,” nakangiting dagdag nito.

Lumawak ang ngiti ni Isaac. “Ah, hindi naman one hundred. S’abi sa geek test that I took years ago, ninety-two point seven-three-eight percent lang daw.”

Nagsalo sila sa masarap na tawanan. Pumuno sa palibot nila ang tunog niyon at ang masarap na pakiramdam sa dibdib niya. And God, it felt good!

And she was even more beautiful while laughing. Iniisip niya, kung may mix man ang babae, baka half-human, half-goddess iyon.

Pinagmasdan siya nito at naramdaman niyang nag-init ang mga pisngi niya.

“I’d love to stay here all night. But, unfortunately for me, kailangan ko nang umalis.” Hindi siya kaagad

nakapagsalita kaya naunahan na siya ni Hazel. Tumayo na ito. “May special mission pa kasi akong kailangang gawin.”

Napamaang siya, napatayo rin. “S-special mission?”

Misteryoso ang ngiti ng babae. “Can I trust you with a secret?”

2

Natigilan si Isaac sa tanong ng kaharap, bahagyang namilog ang mga mata.

Special mission.

Secret.

Nadidinig lang niya ang mga salitang iyon kapag naglalaro siya ng RPGs.

Kumabog ang dibdib niya sa pinaghalu-halong excitement, arousal, at kaba. Iyong huli ang pinakamabigat sa mga iyon. Kung action ang susunod nilang mga eksena, baka magkalat siya ng kahihiyan. At kahit sanay siyang mapahiya noong elementary at high school, hindi niya yata gustong mapahiya sa harap ng unang babaeng nagparamdam sa kanya ng ganitong—

He didn't know how to describe it, but he would call it 'attraction' for starters.

Napalunok siya bago sumagot, "O-oo naman. Ano ba 'yun?"

Lumapit si Hazel lalo sa kanya, tumiyad at bumulong sa tainga niya. "I'm one of the judges for

the ‘Star of Night’ contest kaya nga ako nag-iikot-ikot. Secret lang natin, ah.”

“Oh.” Hindi niya alam kung dismaya o relief ang kanyang naramdaman.

“Nabanggit mo nang chemist ka kaya malayo ito, pero maalam ka ba sa Greek mythology?” usisa ng dalaga.

“Uhm... konti.”

That was an understatement, of course. Ang mitolohiya ng mga Griyego ang isa sa marami niyang interes—along with Astrophysics, Geology, Algebra, Tolkien’s Elvish language and, ah—never mind.

Anyway, back to Greek mythology, fascinated na fascinated siya kung paanong nilikha ng mga Griyego ang mga diyos nila, ganoon din ang mga kuwento roon.

“Wala kasi akong masyadong alam d’un except sa mga basics, like ’yung major gods. Hindi ko alam kung anong creature ’yung ibang nandito o kung ayos ba sila sa character na pinili nila. Kaya pakiramdam ko, hindi ko ito magagawan ng justice. Puwede mo kaya ’kong tulungan?”

Natigilan siya; muling inatake ng nerbyos. Pero

naisip niya, ganitong 'rescue jobs' ang kaya ng gaya niya. "S-sure."

"Tatanungin lang kita tungkol d'un sa mga kung sinu-sinong myth character." Tiningala siya nito. "Okay lang ba 'yun? Pero okay lang sa 'kin kung mas gusto mong mapag-isa dito sa bar."

Sandali nag-isip si Isaac. The latter sounded easier, safer... and boring. Ganoong mga tipo ang comfort zone niya. Pero para namang iinsultuhin niya ang sarili niyang DNA at magpapakatanga kung tatanggihan niya ang babaeng ito. She was every man's fantasy; every geek's impossible dream. Alam niya at kanina pa niya nararamdaman ang naiinggit na mga tingin ng mga lalaking nasa bar na iyon. Sigurado siya, mag-uunahan ang mga itong lumapit kay Hazel sa oras na iwan niya ito. And maybe, it was time he tried to get out of his so-called comfort zone.

Itinaas niya ang salamin sa balingusan ng kanyang ilong gamit ang isang hintuturo. "Sige, ttry kong tulungan ka."

"Perfect! Let's start with that one." Isinabit nito ang braso sa braso niya, hinila siya at nagsimula silang maglakad. "Ano 'yung bitbit niya?" turo nito sa isang lalaki.

Bahagya siyang naningkit para mas malinaw na makita ang itinuturo nito. Dim ang mga ilaw sa bar na iyon pero mas okay iyon sa kanya dahil mas sensitibo ang mga mata niya sa sobrang liwanag. “Oh, that must be the golden Apple of Discord. Si Paris ’yun.”

“Yung pumatay kay Brad Pitt,” ani Hazel at napangiti si Isaac dahil alam niya na ang character ng actor sa pelikulang *Troy* ang tinutukoy ng babae. “Eh, bakit siya may mansanas?”

Naaaliw na ikinuwento niya rito ang istorya niyon, mataman naman itong nakinig.

Maya’t maya ay nagtatanong ang dalaga ukol sa mga creatures na nakikita nila. Magkasama pa nilang kinausap ang iba sa mga ito. Curious and envious glances followed them at pakiramdam ni Isaac, nanalo siya ng *Nobel Prize*.

At ng *Pulitzer*.

Nang sabay.

Nang dalawang magkasunod na taon.

He was the luckiest man on this side of the earth tonight, iyon ang sigurado niya.

“Wow, *Lilac Wine*! Favorite song ni Mumsie ’yan!” anito nang mag-intro ang isang awitin.” Tiningala

siya nito. “I know, masyado na akong nag-i-impose but... Isaac Loot... something-something.”

“Leutkenholter,” natatawang pagtatama niya.

“Yeah, whatever!” Umikot ang bilog ng mga mata nito bago tumutok sa kanya. “I hope hindi mo mamasamain, but may I have this dance with you?”

Namilog ang mga mata ni Isaac at napatingin sa dance floor na noon ay may iilang pares na nagsasayaw. Hindi nakaligtas sa kanyang mga mata ang mga lalaking nakatingin sa dako nila—sa dako ng kasama niya, to be more precise. Para bang gusto ng mga itong makipagpalit ng puwesto sa kanya.

Ngunit umuugong na ang malalakas na warning sirens sa utak niya, kasabay ng kanyang pamilyar na nerbyos kapag nalalagay siya sa spotlight o sa stage. Pero...

Isang sayaw lang naman. Isang harmless na sayaw. Hindi siya magtataksil kay Melissa kung makikipagsayaw lang siya. At hindi na rin siguro sila magkikita pa muli ni Hazel. Malabo ring may mag-alok sa kanya ng ganoon next time mula sa isang kagaya nito. Sayang ang pagkakataon.

However, she was very attractive, and it's a lie to say he was not affected by her sensuality. He might

not be cheating technically, but he was doing it inside his head.

F*ck!

Hindi talaga siya nagkamali ng pag-hire kay Geoff, naisip ni Hazel. Ang sexy ng boses nito, bagay sa gusto niyang i-project ng *Circe*.

Minana niya mula sa kanyang gay adoptive father na si Eduardo Del Fierro ang bar na ito na dati ay isang gay bar. Ngunit mula nang mamatay si Mumsie niya at nakakahinayang namang ipagbili na lang ang negosyong nagpakain at nagpaaral sa kanya buong buhay niya, minabuti niyang bigyan na lang iyon ng bagong ayos.

Gamit ang perang iniwan ng magulang sa kanya at ilang bank loans, binihisan niya iyon ng bagong ayos at ginawa niyang bar and restaurant na may paseksing tema—mula sa menu na puno ng pagkaing natural aphrodisiacs, sexy music, at pole dancing. Wala silang ginagawa roon na illegal, nang-aakit lang. Kumbaga, para lang siya ang business niya, moderna ang imahe at tease, pero virgin pa.

Napangiti siya sa tinatakbo ng pilyang isip.

Tiningala ni Hazel ang lalaking kasayaw. Matangkad na siya sa height niyang 5'7" ngunit lima hanggang anim na dali yata ang lamang nito sa kanya. Plus massive shoulders and chest that looked like they were made of steel.

Sa suot nitong short-sleeved polo, black slacks at *Chucks*, out of place ang ayos ng lalaki. Pero nangingibabaw ito sa lahat sa paningin niya.

Unang kita pa lang niya rito, naisip na niya: 'a Greek god in Clark Kent disguise.' Nanghinayang siya. Kung naghubad lang ito at nagsuot ng kung anong pantalong malambot ang tela, puwede na itong Theseus. Kung sakali, ito sana ang nanalo. Pero ayun nga, masyado itong unsociable para gawin iyon kaya nga nakatago sa sulok.

Ayos na sana iyon, pero bilang may-ari ng bar, gusto niya na lahat ng guests na naroon ay nag-enjoy at walang naiiwan. May soft spot siya para sa mga naa-out of place, mga outcasts. Palibhasa ganoon din siya—sila noon ng mumsie niya.

Kaya nilapitan niya ito at kinausap. Akalain niya ba, ang lalaking mukhang Greek god incarnate ay isa palang certified *geek* god.

Mula nang mamatay ang kanyang adoptive

father at napunta sa kanya ang responsibilidad ng pamamahala ng bar, ngayon lang siya nakakilala ng lalaking talagang nakakuha ng kanyang interes. Isaac was so different from men she had met. He was cute and adorable in his awkward, dorky way; hindi yata nito alam na hunk ito at umaapaw sa sex appeal. Normally, men would've already tried making a move on her by this time. But not this man. It was obvious with the way his eyes darken everytime their eyes would meet, that he found her attractive but he was not flirting with her.

And she liked him. Really liked him.

“So, nakapili ka na ba ng winners?” untag ni Isaac.

She nodded. “Oh, yes. And thank you!” sincere na turan niya. “Marami akong natutunan at palagay ko, isang linggo akong magbababad sa net para magbasa tungkol sa mga kinuwento mo.”

“Nagustuhan mo? They're interesting, right?”

He was smiling; his teeth flashing, his eyes twinkling. This close to him, she could finally see a few imperfections on his face—iyong tila bahagyang-bahagyang pagkatabingi ng balingusan ng ilong nito, ang pekas sa ibabaw niyon, ang malabong bakas ng

dating taghiyawat sa gilid ng sintido nito. Pero hindi iyon nakabawas sa kaguwapuhan ng binata. He was flawed perfectly.

“Interesting indeed.” Pero sa loob-loob ni Hazel, mas interesado siya sa lalaking nagkuwento niyon.

Hindi na ito masyadong stiff kagaya kanina, pero hindi rin masyadong mahigpit ang yakap sa kanya. Parang ayaw dumikit sa kanya nang maigi, pero dama niya ang init na ibinubuga ng katawan nito at ang apoy sa mga mata kapag tinitingnan siya. At para siyang sixteen-year-old na kinikilig dahil doon.

“Parang hindi naman kakaunti ang alam mo sa Greek mythology, Mister,” biro niya.

“Mahilig lang talaga akong tumambay sa library. Wala kasi ako masyadong kaibigan n’ung nag-aaral ako.”

Napangiti si Hazel. “Nerd ka nga.”

“More or less.” Nalukot ang mukha ng lalaki.

“Ba’t parang di ka proud?” aniya.

“Because I’m not the cool Zach Levi or Nathan Fillion kind of nerd.”

Tumaas ang kilay niya. “So what kind of nerd

are you?”

“The *boring* kind,” natatawang saad ni Isaac, kumunot pa ang ilong at noo.

Mukhang clueless talaga ito sa ideya kung gaano ito ka-attractive. Ngumiti lang ang binata, natutunaw nang parang ice cream ang puso niya.

“I beg to disagree,” nakangiting turan ni Hazel. “I mean, ’yung mga bagay na kinuwento mo, ’yung talino mong ’yan—nah, I don’t think you’re boring,” matapat na dagdag niya. “And thank you for tonight.”

Pagkasabi niyon, tumiyad siya at pinatakan ng marahang halik ang mga labi ng binata. Sandali lang iyon ngunit sapat para malaman niya kung gaano katamis at kalambot ang mga labi nito.

She was expecting fireworks, triumphs, angels singing. Pero higit pa roon ang nangyari.

Napapikit siya kasabay ng masarap na musikang tumugtog sa loob ng isip niya. Piano at panakanakang violin lamang iyon, at sigurado siyang hindi pa niya iyon narinig noon. Bumilis ang tibok ng puso ni Hazel pagkaalala sa mga kasabihang may musikang naririnig ang isang tao kapag nakilala nila ang destiny nila. Pero literal ba iyon? Ang alam niya, pautot lang iyon ng mga romance novelists.

Nakangiti siya nang muling magdilat. Nasalubong ng tingin niya ang titig ng natigilang lalaki. Magkasalubong ang mga kilay ni Isaac na para bang may hindi naiintindihan. Marahil narinig din ni Isaac ang narinig niya.

Bago pa niya magawang magtanong, mariin na itong pumikit at humigpit ang hawak sa kanyang baywang. Ang sumunod na nalaman niya, itinaas na nito nang bahagya ang kanyang katawan at nakatiyad na siya muli.

“God,” nanginginig nitong bulong. Ang isang kamay ni Isaac ay sumalo sa batok niya, angling her head. Napasinghap siya nang kagatin nito ang pang-ibabang labi niya. Iyon pala ang hinihintay ng lalaki. His tongue delved inside her mouth and tasted every corner of it lazily, passionately.

Napuno ang buong kamalayan niya ng bango ng binata, ng init at tamis ng halik, at ng umuukilkil na musikang iyon sa likod ng isip ni Hazel... binubura lahat ng matinong argumento. Isang ungol ang kumawala sa kanyang lalamunan, kasabay ng tuluyang pagsuko sa masarap na sensasyon.

Oh. My. Gulay!

Hazel had dated a lot of guys and had three

boyfriends in the past, and numerous times had she been kissed, but never like this. Hindi ganito kainit na natutupok maging ang kontrol niya sa sarili. He was kissing her slowly yet thoroughly and passionately. Sa libro rin ba sa library natutunan ni Isaac ang ganito?

Iyon na ang huling may sense na kaisipan ng dalaga dahil nang sumunod na segundo, parang umikot ang pakiramdam niya at kinailangan niyang kumapit nang mahigpit sa mga balikat ng binata.

Umungol si Isaac; a sound so sexy Hazel swore she felt a gush of wetness from her core.

“This is not sane, we have to stop,” anito pero hinapit naman siya. And as if he couldn’t resist it, he nipped the soft flesh at the crook of her neck.

She jerked and completely forgot what he’d just said. Naramdaman niya ang kamay nitong humahaplos sa gulugod niya at lalo siyang nag-init. Ngunit bago pa nagawa ni Hazel na tugunin iyon ay humiwalay na ang lalaki at pinakawalan siya.

Pinagmasdan siya ni Isaac. “I’m sorry.” Sa dim na ilaw, kita niya maging ang pamumula ng mukha ng lalaki. And the guilt and regret in his eyes made her heart ache.

Ibinuka niya ang bibig, pero walang lumabas na

salita mula roon dahil sa kabiglaan.

“Hindi ito tama. I should go.”

“W-wait.” Inabot niya ang braso ng binata bago pa ito makatalikod. Sigurado si Hazel; there was something between them. Hindi siya ilusyonada o assume-era at lalong hindi desperada lang. “May ginawa ba akong mali?”

Nagtama ang mga paningin nila; kita niya ang tila kalituhan sa mga mata ng kaharap. Sa kabila ng ginagawa nitong pag-reject sa kanya, naroon ang kabaitan sa mukha ng lalaki.

“No, wala kang maling ginawa.” Ibubuka na niya ang bibig para magsalita nang sundan iyon ni Isaac. “You’re wonderful, Hazel. And the kiss was....” Umiling ito, sa kawalan ng perpektong pang-uring sasapat para ilarawan ang halik na iyon. “But... I’m engaged to be married... to someone I love. I’m sorry.”

Tumalikod ito at mabilis na iniwan siya sa gitna ng dance floor, leaving her confused and overwhelmed by the strong ache in her heart.

3

“Wow! Nagtu-twelve days of Christmas ba ’yang manliligaw mo, Sir?” natatawang tanong ni Gina, ang assistant niya.

Pinilit ni Isaac na nginitian ang empleyada kahit napipikon na sa panunudyong nito. Dumerecho siya sa opisina niya at ipinatong na lang basta sa mesa ang package na iniabot nito, at hinarap na ang lab report na ginagawa niya sa computer.

Pangatlong araw nang may natatanggap siyang regalo mula sa isang ‘Hazel Del Fierro’ at pangatlong araw na rin siyang tinutudyo ng mga kaopisina dahil doon.

Noong unang araw, isang box ng Belgian chocolates. Guilty pleasure niya ang mga tsokolate at hindi niya iyon na-resist kahit sa likod ng isip ay naroon ang pangambang baka may gayuma iyon. In the first place, hindi na iyon kailangan ng dalaga. Tingin at ngiti lang ni Hazel, love potion-ish na ang epekto sa kanya. Pero siyempre hindi niya iyon aaminin.

Noong nagdaang araw naman, isang malaking

Tupperware ng pasta dish na may red sauce ang kanyang natanggap. Pinagpamigayan na lang niya iyon sa mga katrabaho dahil hindi niya kayang ubusin lahat.

Ngayon, sigurado siyang hindi pagkain ang laman ng package, pero hindi siya interesado. Kuno.

Napabuntong-hiningang inabot ni Isaac ang balutan para buksan. Hindi na niya kayang magpanggap.

T-shirt na may design ng molecular structure ng theobromine ang naroon. Mukhang alam ng babae na choco addict talaga siya. Steel blue ang kulay niyon, iyong pinakagusto niyang shade ng asul at maganda ang tela. Sigurado si Isaac, kasya iyon sa kanya. He'd have to give it to Hazel, magaling itong mag-research tungkol sa kanya.

Ibinaba niya ang t-shirt at hinarap ang lumamig na niyang tanghalian. Lampas ala una na pero ngayon lang siya nag-lunch. At imbis na mga kasamahan sa research department ang kasalo niya, trabaho ang kaharap niya habang kumakain.

Sumubo siya ng kanyang chicken a la king at ngumuya habang nakatitig sa regalo; iniisip ang babaeng nagbigay niyon.

He sighed again. Hindi na niya alam kung ano ang iisipin o mararamdaman. Ano ba ang ginagawa ni Hazel? Talaga bang gusto siya nito o pinagtitripan lang? At ano ba ang nangyayari at ganito na lang kalakas ang dating ng dalaga sa kanya? He was not supposed to feel this way about her.

Para itong isa roon sa mythological sirens; beautiful and dangerous. Kung hindi siya mag-iingat, dadalhin siya ng pagnanasa niya sa babae patungo sa kapahamakan.

Ibinaba ni Isaac ang kutsara nang maringgan ang tunog ng kanyang ringtone. Sinalakay siya ng matinding guilt nang makita ang pangalan ng nobya.

“Mel,” bati niya.

“Huhulaan ko, ngayon ka palang nagla-lunch,” anito.

“Tinapos ko lang ’yung ginagawa ko. Ayoko namang huminto sa kalagitnaan,” depensa niya.

They were working on a new technology, kung saan rice hulls o iyong balat ng palay ang gagamitin nilang raw material para makagawa ng papel.

Mula noong i-hire siya ng *PaperWorld* bilang chemist seven years ago, matapos mabasa ng

may-ari ang research niya tungkol sa paggamit ng damo sa paggawa ng papel, hindi pa yata niya nagawang kumain o umuwi sa tamang oras. Hindi siya masyadong proud na workaholic siya, pero iyon talaga ang gusto niyang gawin. Mas masaya siyang mag-stay sa laboratory kaysa sa bahay o kaya ay sa kung saang party.

Party.

Isang mukha ang dumaan sa isip ni Isaac na kaagad niyang pinalis.

Noong huli niyang punta sa isang party, minalas lang siya. Dapat talaga, sinunod niya ang instinct at hindi na nagpapilit na magtungo sa bar na iyon.

Bumuntong-hininga for the nth time si Isaac. Walang productivity sa panghihinayang. Mas mabuti talagang kalimutan na lang iyon at charge it to experience na lang. Pero paano siya makakalimot kung heto, as if hindi pa sapat ang pangungulit ng mga alaala ng gabing iyon, panay ang padala ni Hazel ng regalo at notes? Hindi yata nito naintindihan ang sinabi niya noong gabing iyon na may nobya na siya at malapit nang ikasal.

Ibinalik niya ang isip sa kausap sa telepono. Mabuti na lang, katulad siya ng kasintahan na

introvert at workaholic. Nagkakasundo sila kahit minsanan lang kung lumabas sila, at sa sinehan lang o restaurant ang bagsak niyon. Low maintenance, sabi nga.

It was one thing he liked about her, she was easy to please. Simple lang si Melissa. Nakaladlad parati ang hanggang balikat nitong buhok, walang bahid ng makeup. Simpleng manamit, hindi maarte, hindi maingay; mabait, matalino at malambing. Mahilig din ito sa bata, patunay ang propesyon nito. He could tell she would be a good mother.

Naging magkaklase sila noong high school at magkasama sa isang organization noong college, at isa ito sa wala pang sampung naging kaibigan niya. Kagaya ng mga atoms na madalas magkasama, nagkadikit sila, nakagawa ng bond. The rest, as they say, was history. Sa loob ng apat na taon nila bilang magnobyong, she had been the perfect girlfriend to him.

And yet, nagawa mong tumingin sa iba.

Natigilan siya sa sulsol na iyon ng kanyang konsyensya. He did look at another woman. More than looking, he kissed her. A kiss so passionate, he never knew he was capable of giving—not even to Melissa, his girlfriend of four years.

And so much more than that, isang linggo matapos ang insidente, gabi-gabi niyang napapanaginipan ang tungkol doon. At nagigising siyang balisa... and very aroused.

Halos maya't maya, sumasagi sa isip niya ang babaeng iyon at ang matatamis nitong labi, maiinit na ngiti, makikinang na mata at malambot na katawan. Pakiramdam ni Isaac ay dapat siyang i-execute sa nagawa niya.

Pero si Melissa ang mahal niya. Ito ang pakakasalan niya. That woman he met at the bar was out of his league. Masyado silang opposite para magkasundo. Extrovert ito, introvert siya. Confident si Hazel, natural na mahiyain siya at madalas tapang-tapangan lang. She was independent, modern, strong and too beautiful to want someone like him. Maraming ibang lalaki na mas babagay sa dalaga; she did not need him. Siguro naaliw lang ito dahil natulungan niya at nagkainteres sa mga pinagsasabi niya. Pero iyon lang iyon.

At iyong halik? Baka nadala lang ito ng musika, ng ambience. O baka dahil nga natuwa sa kanya. O baka...

Ah, ewan. Basta malabong na-attract sa kanya nang totohanan ang isang kagaya ni Hazel Del Fierro.

“...sched na tayo ng tripping this Sunday afternoon? Iyon ay kung hindi ka busy.” Sa gulo ng takbo ng isip ni Isaac, hindi niya masyadong naintindihan ang sinabi ng nobya. Sumabay pa naman sa pagsasalita nito ang katok sa pinto.

“Wait a sec, Hon.” Tinakpan niya ang telepono bago sinabing, “Come in.”

Sumilip ang assistant niya sa nakaawang na pinto. “May bisita kayo, Sir.”

“Sige, papasukin mo,” aniya.

Pinaikot niya ang kanyang swivel chair patalikod sa pinto at huminga nang malalim bago muling kinausap ang nasa kabilang linya. “Listen, Mel, may bisita ako. I’ll call you back later, okay lang?” hiling niya.

“May meeting ako mamaya, eh. Well, ipinapaalala ko lang naman ’yung sa tripping. Pupuntahan natin sa Sunday ’yung for sale na bahay na nakita ni Tita. Okay lang ba?”

Iyon iyong bahay na umano, ayon sa tiyahin ng kanyang girlfriend, ay perfect para sa pagsisimula nila ng buhay may-asawa. Plano nilang bilhin iyon gamit ang kanilang mga ipon at kapag at least, kalahati na ang nabayaran nila, saka sila magpaplano ng kasal.

Noon, kapag pinag-uusapan ang tungkol sa pag-aasawa, nae-excite si Isaac. Hindi siya halos makapaghintay na makasal na sila ni Melissa. Ngayon, parang gusto pa niyang magpasalamat na naisip muna nilang mag-ipon bago sila magplano ng pagpapakasal.

“Let me check my sched.” Sinilip ni Isaac ang kanyang calendar sa cellphone. Bumigat ang pakiramdam niya nang makitang wala siyang urgent na kailangang gawin. Ano ba ang nangyayari sa kanya? Parang mayroon siyang hinahanap na hindi niya maintindihan.

“Okay lang, f-free naman,” mabigat ang loob na turan niya. Naringgan niyang bumukas-sara muli ang pinto ng opisina pero hindi pa siya humarap doon.

“All right. Sige, I’ll tell Tita Rina,” sagot ni Melissa, bakas ang galak sa boses. “Dadaan ka ba mamaya sa bahay?”

Last week pa noong huli silang nagkita ng nobya, baka naman kulang lang siya sa romansa kaya siya nalilito nang ganito?

“Oo sige, dadaan ako,” desisyon ni Isaac.

Pinindot niya ang end call button, huminga muli nang malalim bago pinaikot ang silya at hinarap ang

bisita.

Pero nalusaw nang walang effort na parang Gallium na inilagay sa palad ang composure niya nang magtama ang mga mata nila ng kanyang pagkaganda-gandang bisita.

‘Anything is attainable with hard work’. Iyon ang motto ni Hazel noon pa. Maraming oportunidad sa buhay ng tao na dumadating in disguise as *‘work’*. At kapag tatamad-tamad ang isang tao, lalampas na lang iyon at mapupunta sa iba.

Hindi siya ganoon. Nasanay si Hazel na nagsusumikap at ginagawa ang lahat para makuha ang mga gusto niya.

And right at this moment, ang pinakamatinding kinagugustuhan niya ay iyong naka-scowl na binatang nasa mesa na may *Isaac Leutkenholter, Research Department Head* na tag sa opisinaang iyon sa *PaperWorld*.

Kumabog nang malakas ang dibdib niya. She had never been this affected by—and been this *forward* to—anybody, but only because she’d never wanted anything like this... never been this sure of her feelings for anyone. Kaya naman nakikiepal na

siya sa trabaho ng tadhana.

Ilang segundong tumuon lang sa mukha niya ang mga mata ng kaharap bago pinasadahan ng mainit na tingin ang kabuuan niya. Medyo gusto niyang magsisi na hindi pa siya nagtodo effort at pormang pang-seduce na rin tatalaga ang balak niya sa pagparoon. Pero nahiya siya kaya simpleng haltered blouse, tattered skinny jeans, at wedges na lang ang kanyang sinuot. Itinaas niya ang buhok sa isang mataas na ponytail at lip gloss lamang ang ipinahid na kolorete.

Gayunpaman, hindi siya lugi dahil kita niya ang init sa mga mata ni Isaac habang nakatingin sa kanya. Lumakas tuloy nang one-third level ang loob niya at nabawasan ng isang tabo ang kaba.

Mabagal na lumakad siya palapit saka naupo sa gilid ng desk nito. Mabilis na pinasadahan ng kamay niya ang pisngi ng natulalang lalaki.

Para itong nakuryente dahil sa ginawa niya. Bigla itong napatayo at humakbang paatras.

“What the...!” Masamang tingin ang itinutok nito sa kanya. “What are you doing?”

She bit her lip, ramdam ang pag-iinit ng mga pisngi. “Uhm... nanliligaw. Sana.”

Kumunot ang noo nito habang nakatitig pa rin sa kanya. “What the hell!”

“Hey, ’wag kang masyadong masungit, first time kong manligaw. Hindi ako marunong.”

Tumayo si Isaac at humalukipkip. Natuon tuloy ang tingin niya sa mga biceps nitong nabakat sa suot nitong short-sleeved polo at ang maliliit na balahibo sa mga braso nito. Pati mga ugat doon ay seksi ang tingin niya.

“This is insane,” anito.

“Why not chocnut? Gusto kita at twenty-first century na, so what’s wrong with it?” Pinandilatan niya ito kahit ramdam niya ang pag-iinit ng mga pisngi. Aminado siyang nakakahiya itong ginagawa niya, pero ito lang kasi ang naiisip niyang paraan para ma-realize ng lalaki na sila ang pinagpares ng tadhana.

He sighed audibly. “Akala ko nagkaintindihan na tayo,” nanlalatang saad nito. “I told you I’m already engaged to be married. As a matter of fact, ’yung fiancée ko mismo ang napasukan mong kausap ko kanina sa telepono.”

Nanlaki ang mga mata ni Hazel. “Fiancée mo ’yun? Gan’un kayo mag-usap? What the heck! You

don't sound in love! Kulang sa init. Wala man lang endearment o 'I love you' n'ung nagpaalaman."

Namula ang mukha ng kaharap. "That's beside the point. Basta ang sinasabi ko, may girlfriend na 'ko—"

"Girlfriend *pa lang*."

"—at mahal ko siya," dugtong ni Isaac na parang hindi siya narinig. "And one-woman man ako, so sorry."

Natigilan siya pero kaagad ding nakabawi. She smiled. "Ow?" napataas ang isang kilay na tugon niya. "Ba't hinalikan mo 'ko n'ung gabing 'yun?"

Naningkit ang mga mata ng lalaki na para bang nagalit na nang tuluyan. "It was *you* who initiated it."

"Hypocrite!" balik niya. "Smack lang ang kiss ko sa 'yo, ikaw 'tong bigla na lang nang-French kiss. And please don't pretend like you didn't like it. I can still recall how you... you ate at m-my lips like—"

"Goddamn it!" Napatalon si Hazel sa gulat nang hampasin ng kamay nito ang desk kasabay ng malakas na sigaw.

"Oh, my God!" Nasapo niya ang dibdib na noon ay tila sasabog sa lakas ng kabog. Nanlalaki ang mga

matang napatitig siya sa madilim na mukha ng binata.

She did this to him. Ginalit niya talaga si Isaac. Naramdaman niyang nag-init ang kanyang mga mata.

Tila natauhan naman ito dahil sa kung anong nakita sa mukha niya. "I... I'm sorry," napakurap na sabi nito. Itinaas nito ang kamay na tila akmang aabutin siya, pero sa huling sandali ay nagbago ng isip at isinabunot na lang sa sariling buhok. "Shit, shit, shit!" Mariin nitong inihilamos ang mga palad sa mukha.

Gulat na pinanood lang niya ang kausap. Para itong tino-torture na hindi niya alam. Huminga ito nang malalim nang ilang beses na para bang pilit pinapaluwag ang naninikip na dibdib.

Bigla siyang nag-alala. "Ice..." Bumaba siya mula kinauupuan at akmang lalapit nang itaas nito ang kamay.

"Don't, Hazel. Please." Umiling ang binata. Tumuon ang mga mata sa kanya at saka tila nanghihinang nagsalita. "This isn't a joke. Hindi ako nakikipaglokohan. Whatever it is you're doing... Please, I beg you... stop it. I'm in love with my fiancée. Hindi ako kagaya n'ung mga nakikita mo sa bar mo. Hindi ako babaero." Marahang humaplos sa

Irresistible Attraction - Helene Del Mundo

mukha niya ang paningin nito. “I may desire you, but who wouldn’t? You’re very beautiful. Pero ’yun lang ’yun. I’ve given my heart to Melissa. Wala na akong mabibigay pa sa ’yo. Please understand.”

Sumaksak sa puso niya ang paghihirap sa tono ni Isaac.